8

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Values Education 8**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang pagpapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025.Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION 8 | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |


**I. Bilang ng Gawain 1:** Bawat Sentimo Mahalaga! (5 minuto)

**II. Mga Layunin**: Ipakita sa *pie chart* kung paano ginagastos ang baon sa isang araw.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, *ballpen*

**IV. Panuto:**

Araw-araw ay binibigyan kayo ng baon ng inyong mga magulang. Suriin kung saan napupunta ang bawat sentimo ng pabaon sa iyo. Hatiin ang bilog upang maging *pie chart* depende sa mga pinagkakagastusan mo. Isulat sa bawat bahagi ang halaga na ginugugol dito. Mas malaki ang bahaging ilaan sa mga mas mahal na bagay o gawain.



**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

1. Ano ang napansin mo sa iyong ginawa? Saan madalas nauubos ang pera mo?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Mula sa iyong baon, may iniipon ka ba? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. May inilalaan ka ba para sa ibang tao? Bakit

_______________________________________________

_______________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION 8 | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

1. **Bilang ng Gawain 2**: Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (5 minuto)

**I.** **Mga Layunin:** Natutukoy ang mga salita sa ibinigay na mga kahulugan.

**II.** **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, ballpen

**III.** **Panuto:** Ang mga salita na makikita sa *word art* ay ilan sa mga salitang gagamitin sa aralin na ito. Piliin ang salitang binigyan ng kahulugan sa bawat bilang at isulat ito sa patlang.




1. Taguán o impúkan ng salapi, karaniwang gawâ sa kahoy, plastik, o luwad (*clay pot*).

_______________________________

2. Pera na itinabi o idineposito sa isang *account* sa isang bangko o kooperatiba. Ang pera ay kumikita ayon sa nakasaad na halaga ng interes.

_______________________________

3. Isang talaan ng anumang naipon.

_______________________________

4. Halaga ng pera na inilalagay sa isang *account.*

_______________________________

5. Halaga ng pera na kinita ng prinsipal sa isang *savings account.*

_______________________________